

# Para sa Iyong Benepisyo:

**Mga Programa ng  
California para  
sa Mga Walang  
Trabaho**

**Insurance Para sa Walang Trabaho  
(Unemployment Insurance, UI)**

**Insurance sa Kapansanan  
(Disability Insurance, DI)**

**Bayad na Pagliban na Pampamilya  
(Paid Family Leave, PFL)**

**Mga Serbisyo para sa Manggagawa**

# Para sa Iyong Benepisyo: Mga Programa ng California para sa mga Walang Trabaho

Ang publikasyong ito ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa mga programang inaalok ng Employment Development Department (EDD) para sa mga walang trabaho na mga taga-California. Ito ay para sa pangkalahatang impormasyon lamang at hindi ito legal na dokumento.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang [our website](http://edd.ca.gov) ([edd.ca.gov](http://edd.ca.gov)).

Insurance para sa Walang Trabaho (Unemployment Insurance, UI) ..... 2

Ang mga benepisyo sa kawalan ng trabaho ay nagbibigay ng bahagyang kapalit na sahod sa mga manggagawang nawalan ng trabaho at nakakatugon sa mga kinakailangan ng programa sa pagiging kwalipikado bawat linggo na nagsertipiko sila para sa mga benepisyo.

Insurance ng Estado para sa Kapansanan (State Disability Insurance, SDI) ..... 14

Ang Insurance sa Kapansanan (Disability Insurance, DI) ay bahagi ng SDI at nagbibigay ng bahagyang mga benepisyo sa pagpapalit ng sahod sa mga manggagawang hindi makapagtrabaho dahil sa sakit o pinsalang hindi nauugnay sa trabaho, pagbubuntis, o panganganak.

Bayad na Pagliban na Pampamilya (Paid Family Leave, PFL)..... 15

Ang PFL ay bahagi ng SDI at nagbibigay ng bahagyang mga benepisyo sa pagpapalit ng sahod sa mga manggagawang nangangailangan ng pahinga para alagaan ang isang miyembro ng pamilyang may malubhang karamdaman, makasama ang isang bagong anak, o tumulong sa isang miyembro ng pamilya sa panahon ng isang kwalipikadong kaganapang militar.

Mga Serbisyo para sa Manggagawa ..... 15

Nag-aalok ang Sangay ng Mga Serbisyo sa Manggagawa ng hanay ng mga serbisyo sa pag-eempleyo para sa mga naghahanap ng trabaho at mga tagapag-empleyo.

Paano Makakuha ng Tulog ..... 20

## **Insurance Para sa Walang Trabaho (Unemployment Insurance, UI)**

Ang mga benepisiyo sa kawalan ng trabaho ay binabayaran ng iyong tagapag-empleyo at nagbibigay ng pansamantalang kita kapag ikaw ay walang trabaho at natutugunan ang lahat ng kinakailangan sa pagiging karapat-dapat.

### **Sino ang Dapat Maghain ng UI na Claim**

Maaari kang mag-aplay para sa unemployment kung wala kang trabaho o nabawasan ang iyong mga oras.

Upang maging karapat-dapat para sa mga benepisiyo, dapat ay nakakuha ka ng sapat na sahod sa batayang panahon o base period upang mag-set up ng isang claim, at maging:

- Ganap o bahagyang walang trabaho.
- Walang trabaho nang hindi mo kasalanan.
- Pisikal na kayang magtrabaho.
- Handang magtrabaho.
- Handa at payag na tumanggap ng trabaho kaagad.
- Aktibong naghahanap ng trabaho.

### **Kailan Mag-a-apply**

Maaari kang mag-apply para sa mga benepisiyo sa sandaling ikaw ay mawalan ng trabaho, o ang iyong oras ng trabaho ay nabawasan. Magsisimula ang iyong claim sa araw ng Linggo sa linggong iyon kung kailan ka nag-a-apply para sa mga benepisiyo.

Ang lahat ng claim ay may isang linggo, at hindi bayad, na panahon ng paghihintay. Ang panahon ng paghihintay ay hindi magsisimula hanggang sa mag-apply ka para sa unemployment, magpasertipika para sa mga benepisiyo, at matugunan ang lahat ng kinakailangan sa pagiging karapat-dapat.

### **Ano ang Kailangan Mong I-apply**

Upang mag-apply, kailangan namin ang iyong:

- Pangalan, (kabilang ang lahat ng pangalang ginamit mo habang nagtatrabaho) at Social Security number (SSN).
- Address ng koreo at tirahan (kung iba) at numero ng telepono.
- Ang kumpletong pangalan, address (mailing at pisikal na lokasyon), at numero ng telepono ng huling tagapag-empleyo.
- Huling araw na nagtrabaho at ang dahilan kung bakit hindi ka na nagtatrabaho (na-lay off sa trabaho, huminto, tinanggal, o umalis sa trabaho dahil sa isang hindi pagkakaunawaan sa kalakalan).
- Kasaysayan ng trabaho sa loob ng 18 buwan bago in-apply ang iyong claim, kabilang ang trabaho sa labas ng estado. Isama ang lahat ng pangalan ng tagapag-empleyo, petsa ng pagtatrabaho, at sahod na nakuha.
- Numero ng lisensya sa pagmamaneho na ibinigay ng estado o numero ng ID.
- Status ng citizenship at kung mayroon kang legal na karapatang magtrabaho sa Estados Unidos. Kung ipinapahiwatig mong nakarehistro ka sa United States Citizenship and Immigration Services (USCIS, dating Immigration and Naturalization Services) at awtorisadong magtrabaho sa Estados Unidos, hihilingin sa iyo ang pamagat ng iyong dokumento ng awtorisasyon na magtrabaho at impormasyon mula sa USCIS document, gaya ng Alien Registration Number, numero ng card, at petsa ng pagkawalang bisa.

**Tandaan:** Napakahalaga ng mga pangalan at address ng iyong dating tagapag-empleyo, gaano man katagal ka nagtrabaho para sa (mga) tagapag-empleyo. Kung nagtrabaho ka nang part-time, ibigay ang bilang ng mga oras na nagtrabaho ka bawat linggo.

**Kung nagsilbi ka sa militar** sa nakalipas na 18 buwan, kakailanganin mong magbigay ng impormasyon mula sa iyong **D214 Member Copy 4**.

**Kung nagtrabaho ka para sa pederal na pamahalaan** sa nakalipas na 18 buwan, magbigay ng impormasyon mula sa iyong *Abiso sa mga Pederal na Empleyado Tungkol sa Kapansanan para sa Walang Trabaho (Notice to Federal Employees About Unemployment Insurance, Standard Form 8)*.

## Importante

Ang paggawa ng di makatotohanang pahayag o pagtago ng impormasyon upang makatanggap ng mga benepisyo ay maaaring isang malaking krimen. Maaaring kabilang sa mga parusa ang mga multa, pagkawala ng mga benepisyo, at kriminal na pag-uusig. Tingnan ang higit pang impormasyon sa pandaraya at mga parusa sa pahina 13.

## ID.me

Ang ID.me ay isang identity proofing at authentication platform na ginagamit ng mga ahensya ng gobyerno. Ito ay isang mas mabilis at mas madaling paraan upang beripikahin ang iyong pagkakakilanlan at iproseso ang iyong claim.

- Gumawa ng account sa **ID.me** at sundin ang mga prompt.
- Kakailanganin mo ng isang mobile device, tablet, o computer para kumuha at magpadala ng larawan.
- Payagan ang ID.me na ilipat ang iyong impormasyon sa amin.
- Nagkakaproblema sa pagkonekta? Kumonekta sa isang live na video agent mula 4:30 a.m. hanggang 9 p.m. (Pacific Time), sa pamamagitan ng iyong ID.me account at magpadala ng kahilingan para sa tulong sa **help.id.me** sa loob ng ID.me.

## Abiso ng Tagapag-empleyo

Inaabisuhan ang iyong huling tagapag-empleyo kapag nag-aplay ka para sa unemployment. Bagama't tinutukoy namin ang iyong pagiging karapat-dapat, pinopondohan ng mga tagapag-empleyo ang programa ng UI at inaatas ng batas na magbigay ng anumang impormasyon na maaaring makaapekto sa iyong pagiging karapat-dapat na makatanggap ng mga benepisyo.

## Mga Uri ng Claim

Ang iyong aplikasyon ay depende sa uri ng tagapag-empleyo pa pinagtrabahuan mo at sa mga estado kung saan ka nagtrabaho.

Ang iyong aplikasyon ay ipoproseso bilang isang:

- Regular na claim sa California kung sa California ka lang nagtrabaho, kahit na nakatira ka ngayon sa labas ng California.
- Pederal na claim kung ang iyong trabaho ay nasa sibilyan na trabaho para sa pederal na pamahalaan.
- Militar na claim kung nagsilbi ka bilang miyembro ng Sandatahang Lakas ng Estados Unidos.
- Pinagsamang claim sa sahod kung nakakuha ka ng sahod sa California at sa hindi bababa sa isa pang estado sa nakalipas na 18 buwan.

- Aplikasyon para sa Interstate na claim kung nakatira ka na ngayon sa California at nagtrabaho lang sa ibang estado sa nakalipas na 18 buwan. Direktang mag-apply para sa unemployment sa kabilang estado, sa District of Columbia, Puerto Rico, o Canada. Kung nagtrabaho ka sa US Virgin Islands, makipag-ugnayan sa amin sa 1-800-300-5616.

## **Paano Mag-apply**

Maaari kang mag-apply para sa unemployment gamit ang isa sa mga sumusunod na pamamaraan:

- **Ang Online**  
UI Online<sup>SM</sup> ay ang pinakamabilis at pinakamaginhawang paraan para mag-apply para sa unemployment. Bisitahin ang [UI Online](http://edd.ca.gov/UIOnline) ([edd.ca.gov/UIOnline](http://edd.ca.gov/UIOnline)) upang makapagsimula.
- **Telepono**  
Makipag-usap sa isang kinatawan ng EDD Lunes hanggang Biyernes sa pagitan ng 8 a.m. at 5 p.m. (Pacific Time), maliban sa mga holiday ng estado. Sumangguni sa pahina 20 para sa isang listahan ng mga numero ng telepono para sa mga ahensya kaugnay ng unemployment.
- **Mag-fax o Sumulat**  
Kapag nag-a-apply para sa mga benepisyo sa UI Online, ang ilang customer ay hihilingin na i-fax o i-mail ang kanilang aplikasyon sa amin. Kung mangyari ito, ipapakita ang papel na *Unemployment Insurance Application* (DE 11011) para kumpletuhin at ipadala mo.
- Para sa mas mabilis at mas ligtas na pagproseso, i-fax ang nakumpletong form sa numerong nakalista sa form. Kung ipapadala sa koreo ang iyong aplikasyon para sa unemployment, gamitin ang address sa form at magpahintulot ng mas maraming oras para sa pagproseso.

## **Petsa ng Pagsisimula ng Claim**

Magsisimula ang iyong claim sa araw ng Linggo ng linggong iyon mismo kung saan ka nag-apply para sa mga benepisyo.

## **Petsa ng Pagtatapos ng Claim**

Magtatapos ang iyong claim sa Sabado, 52 linggo pagkatapos magsimula ang iyong claim. Kung mauubos mo ang iyong mga benepisyo bago ang petsang ito, hindi ka maaaring mag-apply para sa isa pang claim sa California hanggang sa matapos ang taon ng benepisyo ng claim.

Kung nagtrabaho ka sa ibang estado sa nakalipas na 18 buwan, maaari kang maging karapat-dapat na mag-apply para sa isang bagong claim sa estadong iyon.

## **Pinakamaba na Kita para Makabuo ng Balidong Claim**

Dapat ay mayroon kang hindi bababa sa \$1,300 na kita sa loob ng tatlong buwan o isang quarter ng iyong base period o hindi bababa sa \$900 sa mga kita sa pinakamataas na quarter at 1.25 beses sa iyong pinakamataas na quarter na kita sa iyong kabuuang base period.

Halimbawa: Kung mayroon kang \$900 na kita sa iyong pinakamataas na quarter, kakailanganin mo ring magkaroon ng kabuuang \$1,125 sa base period ( $\$900 \times 1.25 = \$1,125$ ).

## **Paano Kinakalkula ang Mga Benepisyo sa Unemployment**

Ang quarter kung saan ka binayaran ng pinakamataas na sahod sa base period ay ang magpapasya sa iyong weekly benefit amount (WBA). Ang WBA ay mula \$40 hanggang \$450 bawat linggo.

Ang pinakamataas na halaga ng benepisyo ay 26 na beses ng weekly benefit amount o kalahati ng mga sahod sa kabuuang base period, alinman ang mas mababa.

Sumangguni sa **Talahanayan ng mga Benepisyo ng Insurance para sa Walang Trabaho (Unemployment Insurance Benefit Table)** sa pahina 17 para tantiyahin ang iyong WBA.


**Base Period**

Mayroong dalawang uri ng base period na ginagamit para mag-set up ng claim: ang standard base period at ang alternate base period.

**Standard Base Period (SBP)**

Ang Standard Base Period (SBP) ay ang unang apat sa huling limang nakumpletong mga quarter ng kalendaryo bago ang petsa ng pagsisimula ng claim.

Sumangguni sa tsart sa ibaba. Ang na-shade na bahagi ay ang standard base period. Ang hindi na-shade na bahagi ay ang quarter kung kailan inihain ang claim.



**Alternate Base Period (ABP)**

Kung wala kang sapat na sahod sa standard base period, maaari kang maging kwalipikadong maghain ng claim gamit ang Alternate Base Period (ABP).


Ang ABP ay ang huling apat na natapos na quarter ng kalendaryo bago ang petsa ng pagsisimula ng claim.

Awtomatiko kaming maghahain ng ABP claim sa ngalan mo kung hindi ka karapat-dapat para sa SBP claim.

Maaaring hilingin sa iyo na magbigay ng karagdagang impormasyon sa sahod upang makalkula namin nang tama ang halaga ng iyong benepisyo. Kung nakatanggap ka ng Affidavit of Wages (DE 23A), ipunin ang mga hiniling na dokumento at ibalik ang mga ito sa amin.

**Tandaan:** Magagamit lamang ang ABP kapag walang sapat na sahod na kinita sa standard base period upang mag-set up ng isang claim.

Sumangguni sa tsart sa ibaba. Ang na-shade na bahagi ay ang ABP. Ang hindi na-shade na bahagi ay ang quarter kung kailan inihain ang claim.



## Panahon ng Paghihintay

Ang mga unemployment claim ay may sapilitan, isang linggo, hindi bayad na panahon ng paghihintay. Ang panahon ng paghihintay na ito ay karaniwang magkakabisa sa unang karapat-dapat na linggo ng claim at bago mabayaran ang mga benepisyo. Huwag maghintay na mag-apply dahil ang panahon ng paghihintay ay hindi magsisimula hanggang sa mai-file ang isang claim.

## Paano Magpasertipika para sa Mga Benepisyo

Upang maihatid ang iyong panahon ng paghihintay at makatanggap ng mga pagbabayad ng benepisyo, dapat mong matugunan ang lahat ng kinakailangan sa pagiging kwalipikado at magpasertipika para sa mga benepisyo bawat dalawang linggo.

May tatlong paraan para magpasertipika para sa mga benepisyo:

- **UI Online:** ([edd.ca.gov/UI\\_Online](http://edd.ca.gov/UI_Online)) Ito ang pinakamabilis na paraan para magpasertipika para sa mga benepisyo at mag-ulat ng trabaho at mga sahod. Upang magamit ang UI Online, dapat kang gumawa ng isang account sa pamamagitan ng myEDD at kumpletuhin ang isang beses na pagpaparehistro para sa UI Online.
- **EDD Tele-Cert<sup>SM</sup>:** 1-866-333-4606  
Magpasertipika sa pamamagitan ng telepono sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-866-333-4606. Piliin ang **opsyon 2** at sundin ang lahat ng tagubilin. Upang ma-access ang EDD Tele-Cert dapat kang lumikha ng PIN.
- **Mail:** Kumpletuhin, lagdaan, at ipadala ang form para sa *Continued Claim* (DE 4581) sa amin.

**Tandaan:** Para sa mas mabilis na pagproseso, magpasertipika sa pamamagitan ng UI Online o EDD Tele-Cert.

## Mga Pagbabayad

Ang mga pagbabayad ay ibinibigay pagkatapos mong magpasertipika para sa mga benepisyo at patuloy na matugunan ang lahat ng kinakailangan sa pagiging kwalipikado para sa bawat linggo na nagke-claim ka ng mga benepisyo.

Maaari kang pumili kung paano mo matatanggap ang mga pagbabayad ng benepisyo. Ibinibigay namin ang mga pagbabayad ng benepisyo sa pamamagitan ng prepaid debit card o tseke. Ang debit card ay ang pinakamabilis at pinakaligtas na paraan para matanggap ang iyong mga benepisyo. Gayunpaman, hindi mo kailangang tanggapin ang debit card. Kapag naihain na ang iyong claim, makipag-ugnayan sa amin kung nais mong matanggap ang iyong mga benepisyo sa pamamagitan ng papel na tseke.

Ang debit card ay may bisa sa loob ng tatlong taon at ginagamit para sa mga benepisyo sa kapansanan, Paid Family Leave (PFL), at kawalan ng trabaho.

Kung dati kang binigyan ng debit card para sa dating kawalan ng trabaho, kapansanan, o mga benepisyo ng PFL at kailangan mo ng kapalit na card, dapat kang makipag-ugnayan sa toll-free na linya ng customer-service ng Money Network sa 1-800-684-7051 o 1-800-684 -7053 (TTY).

Matuto pa tungkol sa [debit card](http://edd.ca.gov/debitcard) ([edd.ca.gov/debitcard](http://edd.ca.gov/debitcard)).

## Mga Kinakailangan sa Buwis

Ang mga benepisyo sa unemployment ay napapailalim sa pederal na income tax ngunit hindi papatawan ng income tax ng estado ng California. Sa tuwing magpapasertipika ka para sa mga benepisyo, maaari mong piliing i-withhold ang 10 porsyentong pederal na income tax mula sa iyong lingguhang pagbabayad ng benepisyo. Kung hindi, maaaring kailanganin mong bayaran ang buwis sa katapusan ng taon kapag nag-file ka ng iyong tax return.

Bawat Enero, nagpapadala kami ng Form 1099G sa mga indibidwal na nakatanggap ng unemployment na benepisyo sa nakaraang taon ng kalendaryo. Gamitin ang form upang mag-ulat ng mahalagang impormasyon sa buwis sa iyong pederal na tax return. Maaari mong i-access ang impormasyon ng Form 1099G hanggang sa nakalipas na limang taon o humiling ng mga duplicate na kopya sa pamamagitan ng UI Online o sa pagtawag sa 1-866-401-2849.

## Mga Obligasyon na Suporta Para Sa Anak

Ang iyong mga benepisyo sa unemployment ay maaaring mabawasan kung kailangan mong magbayad ng suporta sa bata sa isang hukuman, opisina ng Abugado ng Distrito, o iba pang ahensyang nagpapatupad ng suporta sa bata.

## I-ulat ang mga Kita

Dapat mong i-ulat sa amin ang **lahat** ng trabaho, sahod, at iba pang kita sa amin sa loob ng linggo kung kailan kinita ang mga ito, hindi kung kailan mo natanggap ang iyong bayad. Ang pagkabigong i-ulat nang tama ang iyong mga kita ay maaaring magresulta sa mga sobrang pagbayad at mga parusa.

Mga uri ng kita na dapat i-ulat:

- Piece work
- Bayad sa oras na walang gawa
- Mga bayad sa hurado
- Mga komisyon
- Mga bayad sa mga saksi
- Reuse pay
- Bayad para sa holiday
- Mga holding fee
- Residuals
- Mga parangal
- Bayad na bakasyon
- In-lieu-of-notice pay
- Mga bonus
- Mga tip
- Kita mula sa self-employment
- Mga benepisyo mula sa pagwewelga
- Picket pay
- Standby pay
- Bereavement
- Back-pay
- Bayad na sick leave
- Bayad Pinsala ng mga Manggagawa
- Pensyon
- Pagretiro
- Annuity



**Tandaan:** Dapat mong i-ulat ang board, lodging, pagkain, o anumang iba pang kabayaran na natatanggap mo sa halip na pera kapag nagtatrabaho ka. Kung hindi ka sigurado kung paano mag-ulat ng sahod, makipag-ugnayan sa amin.

## **Pensyon o Bayad sa Pagreretiro**

Ang mga benepisyo sa unemployment ay maaaring mabawasan kung ikaw ay tumatanggap ng pensyon, bayad sa pagreretiro, annuity, o iba pang katulad na bayad batay sa iyong nakaraang trabaho.

Ang mga benepisyo sa Social Security ay hindi mababawas mula sa mga benepisyo sa unemployment at hindi kailangang i-ulat sa amin.

## **Part-time na Trabaho**

Kung nagtatrabaho ka nang mas mababa sa full-time, dapat mong i-ulat ang trabahong iyon sa amin. Gayunpaman, maaari ka pa ring karapat-dapat para sa mga benepisyo sa partial unemployment. Ang unang \$25 o 25 porsyento ng iyong gross na kabuuang kita para sa linggo (alinman ang mas mataas) ay hindi ibibilang sa iyong halaga ng benepisyo. Ang halagang natitira ay ibabawas mula sa iyong halaga ng lingguhang benepisyo (weekly benefit amount, WBA).

Halimbawa 1:

Ang iyong halaga ng lingguhang benepisyo ay \$50. Kumita ka ng \$30. Dapat mong i-ulat ang \$30; gayunpaman, ang unang \$25 ay hindi ibibilang, at \$5 ang naiiwan para ibawas mula sa iyong weekly benefit amount. Makakatanggap ka ng \$45 (\$50 minus \$5) na benepisyo sa unemployment.

Halimbawa 2:

Ang iyong weekly benefit amount ay \$400. Kumita ka ng \$200. Dapat mong i-ulat ang \$200; gayunpaman, ang unang 25 porsyento (\$50) ay hindi ibibilang, at may \$150 na natitira para ibawas mula sa iyong weekly benefit amount. Makakatanggap ka ng \$250 (\$400 minus \$150) sa mga benepisyo sa unemployment.

## **Paano Tinutukoy ang Iyong Pagiging Karapat-dapat**

Upang maging karapat-dapat, dapat kang:

- Walang trabaho nang hindi dahil sa sarili mong kasalanan.
- Pisikal na kayang magtrabaho.
- Handang tumanggap ng trabaho.
- Aktibong naghahanap ng trabaho.

Kung na-lay off ka, hindi ka ituturing na walang trabaho dahil sa sarili mong kasalanan.

Kung umalis ka sa trabaho, tinanggal, o walang trabaho dahil sa welga o lockout, mag-iiskedyul kami ng panayam sa iyo sa telepono upang mangolekta ng impormasyon sa dahilan kung bakit hindi ka na nagtatrabaho. Ang iyong mga benepisyo sa unemployment ay hindi mababayaran hanggang makumpleto ang iyong panayam sa telepono, magpasertipika ka para sa mga benepisyo, at matukoy namin ang iyong pagiging karapat-dapat.

May karapatan kang humiling ng higit na oras upang mangolekta ng impormasyon, makipag-ugnayan sa mga saksi, o makakuha ng payo ng isang kinatawan. Kung kasama sa isyu sa pagiging karapat-dapat ang tagapag-employo, maaari naming kontakin ang tagapag-employo.

Kung nagpadala ka ng nakasulat na kahilingan para sa higit na impormasyon at tumugon ka sa pamamagitan ng koreo, gagamitin ng tagapanayam ang impormasyon na ipapadala mo para matukoy ang iyong pagiging karapat-dapat.

Kung tinanggihan ka ng mga benepisyo para sa anumang dahilan sa buong panahon ng iyong claim, kasama ang mga di sapat na sahod para mag-set up ng claim, isang nakasulat na Abiso ng Pagpapasya (DE 1080CZ) ang ipapadala sa iyo na nagpapaliwanag ng dahilan kasama ng iyong mga karapatang mag-apela.

**Mahalaga:** Ang iyong mga benepisyo ay maaaring maantala o matanggihan kung hindi ka available para sa panayam o hindi nagpadala ng kinakailangang impormasyon. Magpapasya kami tungkol sa iyong pagiging karapat-dapat batay sa impormasyon na available.

### **Proseso ng mga Apela**

Kung tinanggihan ka ng mga benepisyo, may legal na karapatan ka na i-apela ang desisyon sa pamamagitan ng pagkumpleto at pagpapadala sa koreo ng *Appeal Form* (DE 1000M). Upang maisaalang-alang sa tamang oras, dapat mong i-mail sa loob ng 30 araw ng kalendaryo mula sa petsa ng pag-mail ng *Abiso ng Pagpapasya (Notice of Determination, DE 1080CZ)*. Kung makaligtaan mo ang 30 araw na deadline, maaari ka pa ring mag-apela, pero dapat magpakita ka ng mabuting dahilan para sa pagkakaantala.

Pakikiggan ng isang independiyenteng hukom ng administratibong batas ang iyong apela. Hindi pormal ang mga pagdinig, ngunit lahat ng testimonya ay gagawin nang may panunumpa at sasailalim sa cross-examination. Ipapaalam sa iyo ng tanggapan ng mga apela kung kailan at saan gagawin ang pagdinig.

Bago ng pagdinig, may karapatan kang suriin ang lahat ng record na nakakaapekto sa iyong apela. Ang mga record na iyon ay ipinagkakaloob ng California Unemployment Insurance Appeals Board (CUIAB). Maaari kang humiling ng mga record mula sa amin para maghanda para sa iyong pagdinig.

Sa pagdinig, maaari kang katawanin ng sarili mo, isang opisyal ng unyon, isang abugado, o sinumang iba pa na pipiliin mo. Maaari mong dalhin ang anumang nauugnay na dokumentasyon para suportahan ang iyong kaso.

Pagkatapos ng pagdinig, ime-mail sa iyo ang desisyon ng hukom ng administratibong batas. Kung hindi ka nasisiyahan, maaari kang magpadala ng pangalawang antas na apela sa CUIAB.

Para sa impormasyon kung paano ginagamit ang UI code, kasama ang kasalukuyang mga case study, tingnan ang [Benefit Determination Guide](http://edd.ca.gov/uibdg) ([edd.ca.gov/uibdg](http://edd.ca.gov/uibdg)).

**Mahalaga:** Dapat patuloy kang magpasertipika para sa mga benepisyo habang inaapela ang iyong claim. Kung binaliktad ang orihinal na desisyon, mabilis kaming makakapag-isyu ng lahat ng back pay sa iyo. **Ang pagkabigong sumunod ay maaaring magresulta sa pagtanggì o pagkaantala ng iyong mga benepisyo.**

### **Pagkansela ng Claim**

Maaari kang magkansela ng claim kung natutugunan mo ang **lahat** ng sumusunod na pamantayan:

- Walang binayarang mga benepisyo.
- Hindi ka diskwalipikado para sa mga benepisyo dahil sa isyu sa pagiging karapat-dapat.
- Hindi napatunayan ang isang sobrang pagbayad sa claim.
- Abisuhan mo kami bago magtapos ang 52 linggong taon ng benepisyo.

Sa sandaling makansela ang claim, hindi na ito muling maipagpapatuloy nang may parehong petsa ng pagsisimula. Dapat kang mag-apply para sa isang bagong claim, na magkakaroon ng mas huling petsa ng pagsisimula.

## **Ang mga Manggagawang Hindi Saklaw ng mga Benepisyo sa Kawalan ng Trabaho**

Ang mga sumusunod na grupo ng mga manggagawa ay hindi karaniwang nasasaklaw:

- Mga hinalal na opisyal.
- Self-employed, maliban kung nakikilahok sa elektibong pagsaklaw.
- Mga mag-aaral na naka-enrol at regular na dumadalo sa mga klase sa paaralan at institusyon ng edukasyon kung saan nagtatrabaho.
- Mga miyembro ng Limited Liability Company (LLC) na tinatrato bilang partnership para sa mga layunin ng pag-uulat ng pederal na income tax.
- Isang asawa ng mag-aaral na nagtatrabaho sa isang institusyon ng edukasyon sa isang programa ng pag-eempleyo na ipinagkakaloob para sa layunin ng pinansyal na pagtulong sa mag-aaral.
- Mga magulang na ineempleyo ng kanilang anak, o mga anak na wala pang 18 taong gulang na ineempleyo ng kanilang magulang.
- Mga asawa na nagtatrabaho sa asawa nila.
- Nakarehistrong domestic partner na ineempleyo ng kanilang nakarehistrong domestic partner.
- Ilang ahente na lisensyado ng estado na binabayaran lang ng komisyon.
- Mga caddy at jockey.

Para sa higit na impormasyon, sumangguni sa [Exempt Employment \(DE 231EE\) \(PDF\)](https://edd.ca.gov/siteassets/files/pdf_pub_ctr/de231ee.pdf) ([edd.ca.gov/siteassets/files/pdf\\_pub\\_ctr/de231ee.pdf](https://edd.ca.gov/siteassets/files/pdf_pub_ctr/de231ee.pdf)) at [Family Employment \(DE 231FAM\) \(PDF\)](https://edd.ca.gov/siteassets/files/pdf_pub_ctr/de231fam.pdf) ([edd.ca.gov/siteassets/files/pdf\\_pub\\_ctr/de231fam.pdf](https://edd.ca.gov/siteassets/files/pdf_pub_ctr/de231fam.pdf)) para sa karagdagang impormasyon.

Kung hindi mo alam kung nasasaklaw ka o hindi, huwag i-waive ang iyong mga karapatan. Makipag-ugnay sa amin para sa higit na impormasyon.

## **Elektibong Pagsaklaw**

Sa ilalim ng ilang kondisyon, ang mga tagapag-empleyo ng mga indibidwal na hindi saklaw ang kanilang mga serbisyo ay maaaring piliing saklawan ang mga serbisyong iyon. Kung hindi ka sigurado kung karapat-dapat ka para sa mga benepisyong ito, makipag-ugnayan sa amin.

## **Humiling ng Print Out ng Claim**

Maaari kang humiling ng printout ng iyong claim sa pamamagitan ng isa sa mga sumusunod na paraan:

- Lumikha ng [UI Online](http://edd.ca.gov/UI_Online) (edd.ca.gov/UI\_Online) account.
- Piliin ang **Claim History** at i-print.
- Tawagan kami sa 1-800-300-5616.

## **Mga Espesyal na Programa**

### **Mga Benepisyo sa Pagsasanay ng California (solo)**

Kung ikaw ay pumapasok sa paaralan o pagsasanay habang tumatanggap ng mga benepisyo sa kawalan ng trabaho, maaari kang maging kwalipikado para sa California Training Benefits (CTB).

Kung karapat-dapat, maaari mong ipagpatuloy ang iyong pag-aaral, i-upgrade ang iyong mga kasanayan, o matuto ng bagong trade habang dumadalo sa isang inaprubahang EDD na pagsasanay o programa ng paaralan upang maging mas mapagkumpitensya sa merkado ng paggawa ngayon.

Habang nasa paaralan o pagsasanay, ikaw ay hindi kasama sa mga kinakailangan upang maging available para sa trabaho, aktibong maghanap ng trabaho, at tumanggap ng trabaho. Maaari ka ring maging karapat-dapat para sa mga karagdagang linggo ng mga benepisyo. Upang matuto pa, bisitahin ang [California Training Benefits](http://edd.ca.gov/en/unemployment/California_Training_Benefits) (edd.ca.gov/en/unemployment/California\_Training\_Benefits).

**Tandaan:** Hindi namin sinasaklaw ang mga gastusin sa edukasyon o nauugnay sa pagsasanay tulad ng matrikula, mga bayarin, libro, supplies, o transportasyon. Gayunpaman, may mga programang pang-estado, pederal, o tagapag-empleyo na maaaring pondohan ang iyong paaralan o pagsasanay.

### **Training Extension**

Ang Training Extension (TE) ay nagbibigay ng mga karagdagang benepisyo sa mga indibidwal na naaprubahan para sa CTB, habang kinukumpleto ang pag-aaral o pagsasanay. Isa lang TE ang pinahihintulutan para sa bawat panahon ng pagsasanay na inaprubahan ng CTB.

Kung interesado ka, dapat mong kontakin kami para magtanong tungkol sa TE bago tanggapin ang ika-16 na linggo ng mga benepisyo sa unemployment. Para sa mga claim na wala pang 16 na linggo ng benepisyo, dapat mong kontakin kami bago umabot ang claim sa zero na balanse.

### **Tulong sa Kawalan ng Trabaho Dahil sa Sakuna (Disaster Unemployment Assistance, DUA)**

Ang programang pederal na Tulong sa Kawalan ng Trabaho Dahil sa Sakuna (Disaster Unemployment Assistance, DUA) ay nagbibigay ng tulong pinansyal sa mga indibidwal na ang trabaho o self-employment ay nawala o naantala bilang direktang resulta ng isang malaking sakuna at hindi karapat-dapat para sa regular na mga benepisyo sa unemployment. Ang mga benepisyong ito ay available lang kapag nagdeklara ang Presidente ng Estados Unidos ng malaking sakuna at ginawang available ang espesyal na tulong na ito.

Kung available ang mga benepisyo sa DUA, ipo-post ang impormasyon sa [our website](http://edd.ca.gov) (edd.ca.gov).

### **Trade Adjustment Assistance**

Ang programang Tulong para sa Trade Adjustment (Trade Adjustment Assistance, TAA) ay isang programang pinondohan ng pederal na nagbibigay ng mga benepisyo at serbisyo sa mga kwalipikadong manggagawa na nasertipika ng Departamento para sa Kapakanan ng mga Manggagawa ng Estados Unidos (US Department of Labor, DOL) na nawalan ng trabaho, o binawasan ang kanilang mga oras at sahod, dahil sa dayuhang kalakalan.

Kabilang sa mga uri ng benepisyo ang pagsasanay, pag-eempleyo, at serbisyo sa pamamahala ng kaso, paghahanap ng trabaho at mga allowance sa relocation, suporta sa kita, at subsidiya sa sahod. Upang malaman ang higit pa, bisitahin ang [TAA Programs](http://edd.ca.gov/en/jobs_and_training/trade_act) ([edd.ca.gov/en/jobs\\_and\\_training/trade\\_act](http://edd.ca.gov/en/jobs_and_training/trade_act)).

Ang programang subsidiya sa sahod ay nagkakaloob ng mga subsidia sa sahod sa mga indibidwal na 50 taong gulang pataas na bumabalik sa trabaho at kumikita nang mas mababa sa kanilang dating pag-eempleyo na naapektuhan ng kalakalan.

## **Mga Pinalawig na Benepisyo**

Ang mga pinalawig na benepisyo ay available sa mga manggagawa na naubos na ang kanilang regular na benepisyo sa unemployment insurance kapag ang unemployment rate ay katumbas o nahihigitan ang partikular na porsyento na itinatag ng batas ng estado o pederal o kapag inaprubahan ng pederal na pamahalaan ang batas sa espesyal na pinalawig na benepisyo.

## **Work Sharing**

Ang Work Sharing na programa ay tumutulong sa mga kalahok na tagapag-empleyo na bawasan o alisin ang pangangailangan para sa mga pag-lay off kung ang produksyon o mga serbisyo ng negosyo ay nabawasan. Pinahihintulutan nito ang mga tagapag-empleyo na panatilihin ang mga sinanay ng empleyado at mabilis na makabawi kapag gumanda ang mga kondisyon ng negosyo.

Upang makilahok, dapat mag-apply ang isang tagapag-empleyo at matugunan ang lahat ng mga kinakailangan, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa:

- Maging legal na nakarehistrong negosyo sa California.
- Hindi bababa sa dalawang empleyado at hindi bababa sa 10 porsyento ng iyong regular na manggagawa ang dapat apektado ng pagbabawas ng hindi bababa sa 10 porsyento at hindi hihigit sa 60 porsyento sa parehong oras na trinabaho at sahod na kinita.
- Ang mga benepisyo sa kalusugan at pagreretiro ay dapat manatili na pareho tulad ng dati, o dapat matugunan nito ang parehong mga pamantayan gaya ng iba pang mga empleyado na hindi nakikilahok sa Work Sharing.
- Ang unit na nakikipagnegosasyon para sa mga empleyado ay dapat sumang-ayon na boluntaryong makilahok at pumirma sa aplikasyon para sa Work Sharing.

Sa Work Sharing, ang pakikilahok ng mga empleyado na nabawasan ng mga oras at sahod ay maaaring:

- Makatanggap ng mga benepisyo sa UI na nauugnay sa porsyento ng kanilang mga oras at sahod sa trabaho.
- Panatilihin ang kanilang kasalukuyang trabaho.
- Maiwasan ang mga pinansyal na paghihirap.

Upang malaman ang higit pa, bisitahin ang [Work Sharing Program](http://edd.ca.gov/en/Unemployment/Work_Sharing_Program) ([edd.ca.gov/en/Unemployment/Work\\_Sharing\\_Program](http://edd.ca.gov/en/Unemployment/Work_Sharing_Program)).

## **Partial Claims**

Tulad ng aming Work Sharing Program, ang mga Partial Claim ay isang alternatibo sa mga layoff at pinahihintulutan ang mga tagapag-empleyo na panatilihin ang mga kawani sa pamamagitan ng pagbawas ng kanilang kita.

Sinesertipika ng tagapag-empleyo na inaasahang bumalik sa trabaho ang empleyado at binibigyan ang empleyado ng [Notice of Reduced Earnings](http://edd.ca.gov/siteassets/files/pdf_pub_ctr/de2063.pdf) (DE 2063) (PDF) ([edd.ca.gov/siteassets/files/pdf\\_pub\\_ctr/de2063.pdf](http://edd.ca.gov/siteassets/files/pdf_pub_ctr/de2063.pdf)) o [Notice of Reduced Earnings](http://edd.ca.gov/siteassets/files/pdf_pub_ctr/de2063.pdf) (Fisherperson)

([DE 2063F](#)) ([edd.ca.gov/siteassets/files/pdf\\_pub\\_ctr/de2063f.pdf](http://edd.ca.gov/siteassets/files/pdf_pub_ctr/de2063f.pdf)) para mag-apply para sa unemployment.

Ang mga empleyado na nakikilahok sa programang ito ay itinuturing na partially employed at hindi kinakailangang maghanap ng bagong trabaho para makatanggap ng mga benepisyo.

Upang malaman ang higit pa, bisitahin ang [Partial Claims](#) ([edd.ca.gov/en/unemployment/partial\\_claims](http://edd.ca.gov/en/unemployment/partial_claims)).

### **Benepisyo sa Kawalan ng Trabaho ng mga Manggagawa sa Riles (Railroad Unemployment Benefits)**

Ang mga railroad worker ay maaaring mag-claim ng mga benepisyo sa ilalim ng U.S. Railroad Unemployment Insurance Act. Ang programang ito ay pinangangasiwaan ng Lupon sa Pagreretiro ng Mga Manggagawa sa Riles ng Estados Unidos (U.S. Railroad “Retirement Board, RRB).

Para mag-apply, tawagan ang toll-free number sa 1-877-772-5772 sa pagitan ng 9 a.m. at 3:30 p.m., Lunes hanggang Biyernes upang makipag-usap sa isang kinatawan ng RRB o mag-apply online sa US Railroad Retirement Board sa [US Railroad Retirement Board \(rrb.gov\)](#).

### **Pag-iwas at Pagtukoy sa Panloloko sa Unemployment Insurance**

Sineseryoso namin nang husto ang kaligtasan ng personal at kumpidensyal na impormasyon. Sa gayon, ang lahat ng data na isinumite sa amin ay naka-encrypt. Ang mga karagdagang pag-iingat ay itinatag para higit na protektahan ang iyong personal na impormasyon mula sa panloloko ng impostor at paganakaw ng pagkakakilanlan.

Nangyayari ang panloloko ng impostor kapag intensyonal na nag-apply ang isang tao para sa unemployment gamit ang trabaho o personal na impormasyon ng ibang tao. Aktibo kaming nag-iimbestiga ng mga kaso ng panloloko ng impostor at naninindigang protektahan ang mga pagkakakilanlan ng mga lehitimong claimant.

Kung naghihinala kami na mayroong mga isyu sa pagkakakilanlan, makakatanggap ka ng nakasulat ng kahilingan upang kumpirmahin ang ibinigay na impormasyon. Kokontakin din namin ang iyong dating tagapag-empleyo at mga entidad ng gobyerno upang maberipika ang iyong mga dokumento at impormasyon.

Para sa higit na impormasyon, i-download ang polyeto na [Protect Your Identity and Stop Unemployment Insurance Imposter Fraud \(DE 2360EE\) \(PDF\)](#) ([edd.ca.gov/pdf\\_pub\\_ctr/de2360ee.pdf](http://edd.ca.gov/pdf_pub_ctr/de2360ee.pdf)).

Upang mag-ulat ng panloloko sa UI, bisitahin ang [Ask EDD](#) ([askedd.edd.ca.gov](http://askedd.edd.ca.gov)) at piliin ang **Mag-ulat ng Panloloko (Report Fraud)** para magpadala ng Form sa Pag-ulat ng Panloloko online, o tumawag sa toll-free na hotline ng EDD para sa panloloko sa 1-800-229-6297.

### **Mga Parusa**

Ang paggawa ng di makatotohanang pahayag o hindi pagsiwalat ng impormasyon para makatanggap ng mga benepisyo ay puwedeng maging isang malaking krimen. Kabilang sa mga parusa ang pagkawala ng mga benepisyo, isang diskwalipikasyon dahil sa di makatotohanang pahayag, at kriminal na pag-uusig.

Ang isang diskwalipikasyon dahil sa di makatotohanang pahayag ay magtatatwa ng mga benepisomula 2 hanggang 23 linggo. Ang diskwalipikasyon ay mananatili sa iyong record nang tatlong taon o hanggang sa matapos ito, alinman ang mauuna. Upang matapos ang mga linggo ng parusa para sa di makatotohanang pahayag, dapat kang patuloy na magpasertipika para sa mga benepisyong kawalan ng trabaho, at matugunan ang lahat ng iba pang kinakailangan sa pagiging karapat-dapat. Hindi ka babayaran sa panahong ito.

### **Mga Pag-audit ng Benepisyong**

Nagsasagawa kami ng mga pag-audit sa pamamagitan ng pag-cross-reference ng impormasyon ng tagapag-employe sa impormasyon ng claim upang matukoy kung tama ang pagkaka-ulat ng customer ng lahat ng trabaho, sahod, at iba pang kita sa amin habang kinokolekta ang mga benepisyong kawalan ng trabaho. Ang mga sobrang pagbayad at multa na nakolekta mula sa mga audit na ito ay magtitiyak ng kakayahan sa pagbabayad ng utang ng UI Trust Fund at makatutulong na mabawasan ang mga buwis sa UI.

### **Pagbeberipika ng Social Security Number (SSN)**

Maaari naming hilingin sa iyo na beripikahin ang iyong Social Security number (SSN) gaya ng inisyu sa iyo ng Social Security Administration (SSA).

Ang iyong pagiging karapat-dapat para sa mga benepisyong maaaring maapektuhan kung:

- Nakatalaga sa ibang pangalan o pagmamay-ari ng ibang indibidwal ang ibinigay na SSN.
- Hindi balido ang SSN.
- Hindi kailanman inisyu ang SSN ng SSA.
- Ang mga sahod sa base period ay pagmamay-ari ng iba pang indibidwal.
- Ang petsa ng kapanganakan sa SSA ay iba sa petsa ng kapanganakan na binigay mo nang ikaw ay nag-apply.

Kung inatas namin sa iyong beripikahin ang iyong SSN, maaaring hilingin sa iyo na magpadala ng kumpletong kopya ng iyong Annual Social Security Statement. Para makakuha ng kopya ng iyong kumpletong Social Security Statement, bisitahin ang SSA online ([ssa.gov](http://ssa.gov)).

Ang isang kopya ng iyong Social Security card ay hindi makakatugon sa kinakailangang ito.

### **Insurance ng Estado para sa Kapansanan (State Disability Insurance, SDI)**

Ang Insurance ng Estado para sa Kapansanan (State Disability Insurance, SDI) ay binubuo ng Insurance sa Kapansanan (Disability Insurance, DI) at Bayad na Pagliban na Pampamilya (Paid Family Leave, PFL). Ang programa ay pinopondohan nang buo ng mga manggagawa ng California sa pamamagitan ng mga pagbabawas sa payroll, na nakasaad bilang CASDI sa mga paystub.

### **Mga Pagbubukod:**

- Ang mga empleyado ng lokal na pampublikong entidad (maliban sa mga manggagawa sa mga ospital ng distrito) ay hindi saklaw ng SDI maliban kung pinili ng tagapag-employe ang naturang pagsaklaw.
- Ang mga empleyado ng mga institusyon ng mas mataas na edukasyon na pinopondohan ng estado ay maaaring, sa pamamagitan ng kanilang collective bargaining unit, piliing masaklaw ng SDI.
- Ang mga self-employed na indibidwal ay maaaring piliing masaklaw ng SDI.

**Tandaan:** Ang katayuan sa pagkamamamayan at imigrasyon ay hindi nakakaapekto ng pagiging kwalipikado para sa SDI.

## **Insurance sa Kapansanan (Disability Insurance, DI)**

Ang Disability Insurance (DI) ay hindi nagkakaloob ng panandaliang mga benepisyo para sa bahagyang pagpalit ng sahod para sa mga karapat-dapat na manggagawa na hindi makapagtrabaho dahil sa pagkakasakit o pagkakapinsala na hindi nauugnay sa trabaho, o pagbubuntis.

Kailan maghahain ng claim: Isumite ang iyong claim nang hindi aaga sa 9 na araw pagkatapos ng unang araw kung kailan magsisimula ang iyong kapansanan, ngunit hindi lalampas sa 49 na araw pagkatapos magsimula ng iyong kapansanan o maaaring mawala mo ang mga benepisyo.

Para sa mas mabilis na pagpoproseso, ihain ang iyong claim gamit ang [SDI Online](http://edd.ca.gov/en/Disability/SDI_Online) ([edd.ca.gov/en/Disability/SDI\\_Online](http://edd.ca.gov/en/Disability/SDI_Online)).

**Pagbubukod:** Kung ang isang claim ay naihain para sa pareho o nauugnay na sanhi o kondisyon sa loob ng 60 araw mula ng unang claim, hindi magkakaroon ng bagong panahon ng paghihintay.

Para maghain ng claim o matuto pa, bisitahin ang [State Disability Insurance](http://edd.ca.gov/en/Disability/SDI_Online) ([edd.ca.gov/en/Disability/SDI\\_Online](http://edd.ca.gov/en/Disability/SDI_Online)). Ang mga kawani ng EDD ay available Lunes hanggang Biyernes sa pagitan ng 8 a.m. at 5 p.m. (Pacific Time), maliban sa mga holiday ng estado.

Sumangguni sa pahina 20 para sa listahan ng mga numero ng telepono para sa DI.

## **Bayad na Pagliban na Pampamilya (Paid Family Leave, PFL)**

Ang Bayad na Pagliban na Pampamilya o Paid Family Leave (PFL) ay nagkakaloob ng panandalian na mga benepisyo para sa bahagyang pagpalit ng sahod para sa mga karapat-dapat na manggagawa na kailangang lumiban sa trabaho para alagaan ang isang anak, magulang, biyenan, lolo o lola, apo, kapatid, asawa, o nakarehistrong kinakasama na may malubhang sakit. Ang mga benepisyo ay maaari sa mga magulang na kailangan ng oras para makasama ang isang bagong anak na dumating sa pamilya sa pamamagitan man ng panganganak, pag-aampon, o pagtatalaga ng foster care. Ang mga benepisyo ay maaari din sa mga indibidwal na kailangang lumiban sa trabaho para makilahok sa isang nagkakwalipikang kaganapan na nagreresulta mula sa militar na pagkakatalaga sa ibang bansa ng isang asawa, nakarehistrong kinakasama, magulang, o anak.

Kailan maghahain ng claim: Isumite ang iyong claim nang hindi aaga sa unang araw pagkatapos magsimula ng iyong pagliban na pampamilya, ngunit hindi lalampas sa 41 araw pagkatapos magsimula ng iyong pagliban na pampamilya o maaaring mawala mo ang mga benepisyo.

Para sa mas mabilis na pagpoproseso, ihain ang iyong claim gamit ang [SDI Online](http://edd.ca.gov/en/Disability/SDI_Online) ([edd.ca.gov/en/Disability/SDI\\_Online](http://edd.ca.gov/en/Disability/SDI_Online)).

Upang maghain, o malaman ang higit pa, bisitahin ang [Paid Family Leave](http://edd.ca.gov/en/disability/paid-family-leave) ([edd.ca.gov/en/disability/paid-family-leave](http://edd.ca.gov/en/disability/paid-family-leave)).

Ang aming kawani ay maaari Lunes hanggang Biyernes 5 p.m. (Pacific Time), maliban sa mga holiday ng estado.

Sumangguni sa pahina 20 para sa listahan ng mga numero ng telepono para sa PFL.

## **Mga Serbisyo para sa Manggagawa**

Sa pakikipagtulungan sa mga ahensya ng estado at lokal, nag-aalok kami ng isang hanay ng mga serbisyo sa pag-eempleyo at pagsasanay, para sa mga naghahanap ng trabaho, nang libre, sa pamamagitan ng America's Job Center of California<sup>SM</sup> (AJCC).



Sa pamamagitan ng mga AJCC, sinusupportahan namin ang mga naghahanap ng trabaho sa tulong ng mga workshop sa paghahanap ng trabaho at paggawa ng resumé, job fair, at mga referral sa iba pang ka-partner ng mga manggagawa, at marami pa. Para sa higit na impormasyon, hanapin ang iyong pinakamalapit na AJCC sa pamamagitan ng paggamit ng [Office Locator](http://edd.ca.gov/Office_Locator) (edd.ca.gov/Office\_Locator).

## **CalJOBS<sup>SM</sup>**

Ang CalJOBS ay online na mapagkukunan ng California para tulungan ang mga naghahanap ng trabaho at mga tagapag-employo na gamitin ang mga serbisyo para sa manggagawa. Pinahihintulutan ng CalJOBS<sup>SM</sup> ang mga user na madaling maghanap ng mga trabaho, gumawa ng mga resumé, ma-access ang mga mapagkukunan para sa karera, maghanap ng mga kwalipikadong kandidato para sa pag-eempleyo, at makalikom ng impormasyon sa mga programang pang-edukasyon at pagsasanay.

Ang mga naghahanap ng trabaho ay maaaring:

- Gumawa ng resumé o mag-upload ng maraming resumé.
- Maghanap at mag-apply para sa mga job opening.
- Mag-set ng mga alerto para sa job opening.
- Magsaliksik tungkol sa mga tagapag-employo.
- Gumawa ng mga customized na resumé na makikita ng mga tagapag-employo.

**Tandaan:** Ang pagrerehistro para sa isang CalJOBS account at pag-post ng resumé ay isang kinakailangan sa pagiging karapat-dapat para sa maraming nagke-claim ng unemployment. Para makapagparehistro, bisitahin ang [CalJOBS](http://CalJOBS) (caljobs.ca.gov).

## **Outreach program para sa Migrant and Seasonal Farmworkers**

Ang Outreach program para sa Migrant and Seasonal Farmworkers (MSFW) ay tumutulong sa mga nagtatrabaho sa bukid na hindi pamilyar sa mga serbisyong ipinagkakaloob sa AJCC. Kabilang sa mga serbisyong ito na walang bayad ang:

- Mga referral sa mga lokal na serbisyong nagbibigay-suporta.
- Pangkalahatang impormasyon tungkol sa unemployment at disability insurance.
- Tulong sa mga serbisyo sa pag-eempleyo at mga reklamo kaugnay ng batas sa pag-eempleyo.
- Impormasyon tungkol sa mga karapatan sa pag-eempleyo ng mga nagtatrabaho sa bukid.
- Tulong sa paghahanap ng trabaho, pag-screen para sa trabaho, at mga referral sa mga trabaho.

## **Mga Serbisyo para sa mga Beterano**

Nag-aalok kami ng mga serbisyo para sa mga beterano upang tulungan silang makamit ang kanilang mga layunin sa pag-eempleyo at pagsasanay. Kabilang sa mga serbisyo ang impormasyon sa merkado ng manggagawa, 24 na oras na pag-hold sa mga job listing para sa mga prioridad na beterano, customized na tulong sa paghahanap ng trabaho, job fair, workshop, recruitment ng mga tagapag-employo, at iba pang mga mapagkukunan.

## **Programa na Pagkakataon sa Pag-eempleyo ng mga Kabataan o Youth Employment Opportunity Program**

Ang Youth Employment Opportunity Program ay nagkakaloob ng mga espesyal na serbisyo para tulungan ang mga kabataan, edad 15 hanggang 25 taon, na makamit ang kanilang mga layuning pang-edukasyon at pambokasyon. Kabilang sa mga serbisyo ang pagpapayo sa mga kasama sa grupo, referral sa mga serbisyong nagbibigay-suporta, workshop, referral sa trabaho, at tulong sa pagtatalaga, at referral sa pagsasanay at mga pagsisikap sa pakikipag-ugnayan sa komunidad.

Para sa higit na impormasyon sa mga programa at serbisyo na nakalista sa itaas, bisitahin ang [Jobs and Training](http://Jobs_and_Training) (edd.ca.gov/Jobs\_and\_Training).

Talahanayan ng mga Benepisyo sa Unemployment Insurance Para sa Mga Bagong Claim na  
May Petsa ng Pagsisimula na Enero 2, 2005 o Pagkatapos

| Halaga ng Sahod sa<br>Pinakamataas na Quarter |            |          | Weekly<br>Benefit<br>Amount | Halaga ng Sahod sa<br>Pinakamataas na Quarter |            |          | Weekly<br>Benefit<br>Amount | Halaga ng Sahod sa<br>Pinakamataas na Quarter |            |          | Weekly<br>Benefit<br>Amount |
|-----------------------------------------------|------------|----------|-----------------------------|-----------------------------------------------|------------|----------|-----------------------------|-----------------------------------------------|------------|----------|-----------------------------|
| \$                                            | 900.00 –   | 948.99   | \$40                        | \$                                            | 2,210.01 – | 2,236.00 | \$86                        | \$                                            | 3,406.01 – | 3,432.00 | \$132                       |
|                                               | 949.00 –   | 974.99   | 41                          |                                               | 2,236.01 – | 2,262.00 | 87                          |                                               | 3,432.01 – | 3,458.00 | 133                         |
|                                               | 975.00 –   | 1,000.99 | 42                          |                                               | 2,262.01 – | 2,288.00 | 88                          |                                               | 3,458.01 – | 3,484.00 | 134                         |
|                                               | 1,001.00 – | 1,026.99 | 43                          |                                               | 2,288.01 – | 2,314.00 | 89                          |                                               | 3,484.01 – | 3,510.00 | 135                         |
|                                               | 1,027.00 – | 1,052.99 | 44                          |                                               | 2,314.01 – | 2,340.00 | 90                          |                                               | 3,510.01 – | 3,536.00 | 136                         |
|                                               | 1,053.00 – | 1,078.99 | 45                          |                                               | 2,340.01 – | 2,366.00 | 91                          |                                               | 3,536.01 – | 3,562.00 | 137                         |
|                                               | 1,079.00 – | 1,117.99 | 46                          |                                               | 2,366.01 – | 2,392.00 | 92                          |                                               | 3,562.01 – | 3,588.00 | 138                         |
|                                               | 1,118.00 – | 1,143.99 | 47                          |                                               | 2,392.01 – | 2,418.00 | 93                          |                                               | 3,588.01 – | 3,614.00 | 139                         |
